
8

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pangunahin at Pantulong na Kaisipan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pangunahin at Pantulong na Kaisipan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat** : Charlo S. Icong,
**Editor** : Maria Consuelo C. Jamera, Dores P. Claro
**Tagasuri** : Jessie C. Torreon, Ma. Liza S. Pellazar, Jocelyn P. Abellano, Noviemar T. Maur,Donna May D. Pinguit, Kristy Joyce E. Anino, Japheth K. Salar
**Tagaguhit** :
**Tagalapat** : Charlo S. Icong, May D. Olavides
**Tagapamahala** : Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol Jr., Maripaz F. Magno, Josephine Chonie M. Obseñares, Gilda G. Berte, Feldrid P. Suan, Victoria B. Pabia, Jessie C. Torreon, Dores P. Claro

**Inilimbag sa Pilipinas ng**___________________________
**Department of Education - Rehiyon ng Caraga**
**Office Address**: Learning Resource Management Section (LRMS)
Teacher Development Center
J. Rosales Avenue, Butuan City, Philippies, 8600
**Telefax:** (085)342-8207 / (085)342-5969
**E-mail Address**: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pangunahin at Pantulong na Kaisipan

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




# *Alamin*

**Tungkol saan ang modyul na ito?**

Ang modyul na ito tungkol sa Pangunahin at Pantulong na Kaisipan ay may maramihang gamit. Una, matututuhan mo ang mga kakayahang nasasalamin sa mga kasanayang nabanggit sa ibaba. Pangalawa, mas mapalalawak at mapalalakas ang mga kaalaman na iyong natuklasan sa naunang baitang. Panghuli, matutulungan kang mas mapahalagahan ang kulturang Pilipino at mahalin nang mas higit pa ang iyong pagka-Pilipino.

Pagkatapos ng aralin na ito, ikaw bilang mag-aaral ay inaasahang:

1. Napipili ang mga pangunahin at pantulong na kaisipang nakasaad sa binasa.



## *Subukin*

Sagutan ang panimulang pagsusulit. Layunin nito na alamin kung kailangan mo pa ang modyul na ito o tutuloy ka na sa susunod.

**Panuto**: Basahin ang talata. Isulat sa sagutang papel ang pangunahing kaisipan at mga pantulong na kaisipan na ginamit dito. Gawing gabay ang talaan na nasa ibaba.

> Dinaan sa panalangin at pagkakaisa ng mga Pilipino ang pakikibaka laban sa isang diktador. Walang nagbuwis ng buhay ni gumamit ng dahas upang makamit ang minimithing kalayaan. Naging payapa at hindi madugo ang pakikipaglaban sa kalayaan ng mamamayang Pilipino. Sinasabing kakaiba ang rebolusyong naganap noong ika-22 hanggang 25 ng Pebrero taong 1986.

Pangunahing Kaisipan:
____________________________________________
____________________________________________
__________

Pantulong na Kaisipan:
(1)____________________________________________
____________________________________________
__________


(2)____________________________________________
____________________________________________
__________

(3)____________________________________________
____________________________________________
__________

*Natukoy mo ba nang tama ang kung alin ang pangunahing kaisipan at ang mga pantulong na kaisipan sa talata? Bago ka magpatuloy sa araling ito, balikan mo ang naunang aralin at sagutin ang kasunod na gawain.*

Aralin 1

# Pangunahin at Pantulong na Kaisipan



## *Balikan*

**Panuto:** Piliin ang angkop na paksa sa inilalahad na kaisipan ng bawat bilang tungkol sa pinagkunan ng mga datos. Isulat ang salita sa sagutang papel.

A. Pahayagan/Magasin
B. Aklatan
C. *Video*
D. Interbyu
E. Internet
F. Tesis

1. Ito ang pinakapopular na lugar upang mapagkunan ng mga materyales na magagamit sa isinasagawang pananaliksik.
2. Kailangan nito ang kaalaman sa paggamit ng kompyuter upang makakuha ng mga impormasyon na nais hanapin.
3. Ito ay peryodikong publikasyon na naglalaman ng maraming artikulo, kalimitang pinopondohan ng mga patalastas.
4. Pakikipag-usap, pagtatanong o pag-uusisa sa taong may kaugnayan sa paglilinaw sa paksang napili o isinasagawa.
5. Isang materyal na kailangang panoorin bago makakuha ng mga nais na impormasyon.

*Binabati kita dahil nasagot mo nang tama ang balikan! Ngayon ay handa ka nang simulan ang bagong aralin sa modyul na ito. Halika at tuklasin mo kung ano ito.*

## *Tuklasin*

**PANUTO:** Basahin at tukuyin ang pangunahing kaisipan ng talataan.


Sa pagnanais ng mga Pilipino na magsarili, nagsikap silang makipag-ugnayan sa pamahalaang Estados Unidos. Dito isinilang ang isang *trasitional government*, ang Pamahalaang Komonwelt.

Isang republika ang Pamahalaang Komonwelt sa ilalim ng pampanguluhang uri. Nasa ilalim noon ang lehislatura sa isang sangay ang Pambansang Asamblea, ngunit nang lumaon, ang Kongreso'y binuo ng dalawang sangay – ang Senado at Kongreso. Ibinigay sa Korte Suprema at mababang hukuman ang kapangyarihang pagpasyahan ang mga isinampang kaso batay sa itinatadhana ng batas. May sariling awtonomiya ang Pamahalaang Komonnwelt sa mga isyung may kaugnayan sa bansa at sa ibang bansa.

Bilang pangulo ng pamahalaang Komonwelt, tatlong pangunahing suliranin ang binigyang-pansin ng Pangulong Quezon: (1) pampulitikang katatagan, (2) seguridad, at (3) pagpapaunlad ng kabuhayan.

*Halaw sa Wika at Panitikan sa makabagong Henerasyon ni Angelita A. BInsol, et.al.*
*Diwa Scholastic Press Inc. 2003*

*Ano ang pinapaksa ng talataan? Tama, naglalahad ito tungkol sa Pamahalaang Komonwelt. Natukoy mo ba ang pangunahing kaisipan? Sige nga, tingnan natin kung pareho ba ang ating napiling kaisipan. Ito ba? Isang republika ang Pamahalaang Komonwelt sa ilalim ng pampanguluhang uri. Kung ganoon, mas pailalimin pa natin ang iyong kaalaman. Halika't basahin ang kasunod na talakayan.*



## *Suriin*

### PANGUNAHIN AT PANTULONG NA KAISIPAN

Ang isang teksto ay nagtataglay ng mahahalaga at tiyak na detalye tungkol sa mga tao, bagay, lugar at pangyayari. Napalalawak natin ang paksa sa tulong ng mga ideyang sumusuporta rito upang maging mas malinaw at naiintindihan ang nais na ipahatid sa mga mambabasa.

Nahahati sa dalawa ang teksto: ito ang pangunahing kaisipan at isa ay pantulong na mga ideya na nagsasabi tungkol sa pangunahing kaisipan. Isa-isahin natin ito at pansinin ang mga halimbawa.

**Pangunahing kaisipan –** Ang pangunahing kaisipan ay tumutukoy sa diwa ng buong teksto. Ito ang nagbibigay ng pahiwatig tungkol saan ang pag-unawa sa talata. Ipinahahayag ito sa pamamagitan ng isang pangungusap na tuwirang natutukoy kung ano ang pag-uusapan sa buong talata. Kadalasan itong matatagpuan sa unang pangungusap. Maari ring mabasa sa gitna ng talata maging sa huling pangungusap ng talata.

Halimbawa:
*Unahang Kaisipan*:

Ang tao ay espesyal na nilikha ng Diyos. Kung ating ihahambing nga naman sa iba pang nilikha ng Diyos sa daigdig, walang pag-aalinlangan na ang tao ay nakahihigit sa lahat. Ito rin ay mababatay sa antas ng pag-iisip ng utak.

*Gitnang Kaisipan*:

Bilang isang estudyante sa kolehiyo, kailangan mong matutong magsikap mag-isa dahil walang tutulong sa iyo kundi ang sarili mo. Ang buhay kolehiyo ay sadyang napakahirap. Kailangan mo rin talagang magsunog ng kilay para makakuha ng mataas na marka at ugaliing magbasa sa aralin na napag-aralan na at mapag-aralan pa.

*Hulihang Kaisipan*:

Siya ang nag-aaruga sa atin mula nang tayo ay isinilang hanggang sa paglaki. Siya rin ang humuhubog sa ating pagkatao para tayo ay maging mabuting anak. Pinag-aaral niya tayo para sa ating kinabukasan. Bilang ganti, dapat natin siyang mahalin at maging mabuting anak sa kanya. Ang ating ina ay sinasabing ilaw ng tahanan.

**Pantulong na kaisipan** – ang pantulong na kaisipan naman ang nagbibigay paliwanag o detalye sa isinasaad ng pamaksang pangungusap.

May mga paraan ng pagbibigay ng detalye sa pamaksang pangungusap. Narito ang ilan:


a. Gumamit ng impormasyon na maaaring mapatotohanan
   Halimbawa:
   Pamaksa: Nanganganib lumubog ang Kalakhang Maynila sa darating na 2020.
   Detalyeng Mapatotohanan: Tuwing umuulan binabaha na ang Maynila.

b. Gumamit ng mga istadistika
   Halimbawa:
   Pamaksa: Ang ekonomiya ng bansa'y unti-unti nang bumubuti.
   Pantulong: Sa nakaraang buwan, umakyat ng dalawang puntos limang bahagdan ang Gross Domestic Product ng ating bansa.

c. Gumamit ng mga halimbawa
   Halimbawa:
   Pamaksa: Maraming kabataan ang nalululong sa iba't ibang bisyo.
   Pantulong: Ang ilan sa mga ito'y paninigarilyo, pagsusugal, at paggamit ng bawal na gamot.

Kung mapapansin sa mga halimbawa na nasa itaas, ang hinidi nakasalungguhit na mga pahayag ay sumusuporta o nagbibigay detalye na isinasaad sa pangunahing kaisipan. Ang bawat detalyeng ito ay mga pantulong na kaisipan.

*Naunawaan mo ba ang talakayan? Sige nga, subukan mong sagutan ang mga kasunod na Gawain.*
*Naunawaan mo ba ang talakayan? Sige nga, subukan mong sagutan ang mga kasunod na gawain.*



# *Pagyamanin*

**Panuto:** Basahin ang talata at isulat ang pangunahing kaisipan sa sagutang papel. At sabihin kung saang bahagi (unahan, gitna o hulihan) ng talata nakuha ang pangunahing kaisipan.

1. Ang panitikan sa panahon ng Amerikano at Komonwelt ay naging masigla at maunlad. Naging malaya ang mga manunulat sa alinmang akda na kanilang isusulat. Marami ang nailimbag na mga aklat pampanitikan at mga babasahin sa panahong ito.

   Sagot: Bahagi ng talata: ______________________

2. Totoo, ang mga doktor, nars at ibang mga frontliners ay handang magbuwis ng kanilang buhay. Sila ang ating mga bagong bayani sa kasalukuyan. Nagtiis at nagsakripisyo upang alagaan ang mga maysakit lalo na ang nagpositibo sa corona virus.

   Sagot: Bahagi ng talata: __________________________

3. Ang pagpapatupad ng edukasyon sa Pilipinas ng mga Amerikano ay mayroong tatlong layunin. Una, upang palaganapin ang demokrasya. Pangalawa, sanayin ang mga Pilipino sa pagkamamamayan at ang panghuli ay ipakalat ang wikang Ingles sa ating bansa.

   Sagot: Bahagi ng talata: _______________________


4. Sa panahon ng mga Amerikano, sinimulan ang pagtatatag ng mga pampublikong paaralan at ginawa itong sapilitan. Ginamit ang wikang Ingles bilang midyum sa pagtuturo. Hindi maipagkaila na ang pamahalaan ng Estados Unidos ang namamahala sa pagbibigay ng libreng edukasyon sa Pilipinas.

   Sagot: Bahagi ng Talata:______________________________

5. Ganito ang sitwasyon ng sambayanang Pilipino sa kasalukuyan. Nagkaroon ng malubhang problema sa komunikasyon ang bawat Pilipino. Labis na hindi sila nagkakaintindihan at hindi nagkakaisa sa kanilang pag-iisip, pagnanasa at pagkilos sa pambansang kaunlaran. Sapagkat hindi mabisa ang komunikasyon sa isa't isa.

   Sagot: Bahagi ng Talata: ________________________

*Naging tama ba ang sagot mo? Tingnan ang wastong sagot sa susi ng pagwawasto upang malaman kung natukoy mo ba ang pangunahing kaisipan at mga pantulong na kaisipan. Ang susunod pang Gawain ay makatutulong sa iyo upang mas maintindihan ang araling ito. Halika at subukan mo.*



# *Isaisip*

**Panuto:** Buoin ang mga ginulong letra. Isulat sa patlang ang angkop na salita.

| | | |
|---|---|---|
| A K A I<br>I S N P | T S U O<br>R A P | U P A G H<br>N A I N N |
| 1. ____________________ | 2. ____________________ | 3. ____________________ |
| K O T<br>E S T | A P N G<br>U L O N T | W I A D<br>P A O |
| 4. ____________________ | 5. ____________________ | 6. ____________________ |

B. Gamit ang mga salita sa taas, dugtungan ang mga pahayag na nagsasaad sa iyong natutuhan sa araling ito.

1. Sa araling ito, natutuhan ko________________________.
2. Masasabi ko na ____________________________________.
3. Para sa akin, mahalaga ito ________________________

## *Isagawa*

**Panuto:** Magsaliksik ng isang tula tungkol sa Pag-ibig sa tao, bayan o kalikasan. Pagkatapos mabasa ang tulang nasaliksik, tukuyin at isulat sa graphic organizer ang pangunahing kaisipan at pantulong na kaisipan na naglalahad sa diwang nais iparating ng sumulat sa mambabasa.

Pamagat ng Tula: ____________________________________________


| Pangunahing Kaisipan |
|---|
| ________________________________________________ <br> ________________________________________________ |

| Pantulong na Kaisipan | |
|---|---|
| ______________________ <br> ______________________ <br> ______________________ | ______________________ <br> ______________________ <br> ______________________ |

B. Sumulat ng sariling tula gamit ang pangunahin at pantulong na kaisipan na nasa itaas. Isulat sa sagutang papel.

Paksa: Malasakit at Bayanihan

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
________________________________________________________



## *Tayahin*

**Panuto:** Hanapin sa Hanay B ang pantulong na kaisipan ng pangunahing kaisipan na nasa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Hanay A**


1. Ang paggamit ng kompyuter ay magbibigay ng kagalingan sa isang indibidwal.
2. Sinikap ng DepEd na maipagpatuloy ang edukasyon sa gitna ng pandemya.
3. Dumami ang kaso ng COVID 19 sa mga rehiyon ng bansa nang ipatupad ang Balik-Probinsya Program.
4. Ang pagtaas ng bilang ng mga nawalan ng trabaho sa bansa ay nakababahala.
5. Malaking bahagi ng populasyon ng Pilipinas ay mga kabataan.

**Hanay B**

A. Labis na naapektuhan ang mga bata kung may krisis.
B. May mga magulang na nais patigilin ang kanilang mga anak dahil sa Covid 19.
C. Naghihintay ang bawat isa sa hatol na haharapin.
D. Napaaayos nito ang paghahanda ng alinmang ulat gamit ng iba't ibang *software*.
E. Pansamantalang ipinatigil ang pagpapauwi sa mga Pilipinong mula sa mga lugar na apektado ng *virus*.
F. Umasa ng tulong mula sa gobyerno at pribadong organisasyon ang hindi na makapaghanapbuhay.

**B.** Basahin at kilalanin ang mga kaisipan at pagkatapos, isulat sa sagutang papel ang pangunahin at pantulong na kaisipan. Gamitin ang dayagram na nasa ibaba.

(1) Ito raw ay hindi nabigyang-pansin ng mga Kastila.
(2) Nagpatayo sila ng mga ospital at iba pang sentro ng kalusugan.
(3) Ang sistema ng pampublikong kalusugan sa Pilipinas ay may mga pagbabago na sa panahon ng mga Amerikano.
(4) Subalit, nahirapan ang mga Amerikano sa pagtuturo ng kalinisan sa mga Pilipino dahil sa iba't ibang uri ng kanilang pamumuhay.
(5)



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto**: Sumulat ng isang talata tungkol sa kasalukuyang problemang hinaharap ng ating bansa, ang COVID 19. Ang talata ay kailangang nagtataglay ng 5 hanggang 7 na pangungusap. Ikahon ang pangunahing kaisipan.

| **Pamantayan sa Pagmamarka** | **1** | **2** | **3** | **4** | **5** |
|---|---|---|---|---|---|
| Nailalahad nang maayos ang talatang binuo. | | | | | |
| Natutukoy ang pangunahin at pantulong na kaisipan. | | | | | |
| Maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga detalye. | | | | | |
| Malinaw na nailalahad kung ano ang nais ihatid para sa mga mambabasa. | | | | | |

| **Kabuoang Puntos** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Napakahusay | Mahusay | Katamtaman | Di-mahusay | Maraming kakulangan |

## Susi sa Pagwawasto

### Subukin

Pangunahin:
Sinasabing kakaiba ang rebolusyong naganap noong ika-22 hanggang 25 ng Pebrero taong 1986.

Pantulong:
1. Dinaan sa panalangin at pagkakaisa ng mga Pilipino ang pakikibaka laban sa isang diktador.
2. Walang nagbuwis ng buhay ni gumamit ng dahas upang makamit ang minimithing kalayaan.
3. Naging payapa at hindi madugo ang pakikipaglaban sa kalayaan ng mamamayang Pilipino.

### Balikan

1. Aklatan
2. Internet
3. Pahayagan/ magasin
4. Interbyu
5. Video

### Pagyamannin

1. Ang panitikan sa panahon ng Amerikano at Komonwelt ay naging masigla at maunlad. (una)
2. Sila ang ating mga bagong bayani sa kasalukuyan. (gitna)
3. Sa pagpapatupad ng edukasyon sa Pilipinas ng mga Amerikano ay mayroong tatlong layunin. (una)
4. Hindi maipagkaila na ang pamahalaan ng Estados Unidos ang namamahala sa pagbibigay ng libreng edukasyon sa Pilipino. (Hulihan)
5. Nagkaroon ng malubhang problema sa komunikasyon ang bawat Pilipino.

### Isaisip

1. KAISIPAN
2. SUPORTA
3. PANGUNAHIN
4. TEKSTO
5. PANTULONG
6. DIWA

B.1. …ang pangunahin at pantulong na kaisipan.

2. …ang pantulong na kaisipan ay sumusuporta sa diwa ng pangunahing kaisipan. / …ang pangunahing kaisipan ay kabuoang diwa ng teksto.

3. …upang maipahayag ang pangunahing diwa at pantulong na mga kaisipan.

### Tayahin

1. D
2. B
3. E
4. F
5. A

Pangunahing Kaisipan: #3

Pantulong na Kaisipan: #1, #2, #4

### Karagdagang Gawain

Magkakaiba ang talatang makasulat ng mag-aaral batay sa kanilang pananaw sa paksa. Ang pagmamarka ay naaayon sa pamantayan.

# *Sanggunian*

Infantado, Remedios, *BAYBAYIN I Paglalayag sa Wika at Panitikan (Batayan at Sanayang Aklat sa Filipino)*. Ramilito Correa – Koordineytor. Rex Book Store

Miranda, Lourdes L., Antonietta D. Tapang, Pilipina A. Guerrero, Corazon L. Santos, Ph.D., *PUNLA I Mga Panitikang Pambansa at Florante at Laura.* Felicidad Q. Cuaño – Tagapag-ugnay. Rex Book Store.

https://kupdf.net/download/balagtasan-sipag-o talino_59604535dc0d60d71d2be30f_pdf

https://www.churchofjesuschrist.org/study/liahona/2014/10/youth/how-to-ask-questions-that-matter?lang=tgl

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph